

# Mumunting mga Liwanag ng Pag-asa

---

EDISYON BAGO ILIMBAG  
MGA ARALIN NA BINUBUO PA

---

VERSION II (a)

1 November 2006

Ikinalulugod ng Development Learning Press (DLP) na ibahagi sa ilang mga kapisanang pang-edukasyon at mga non-governmental organization itong edisyong bago ilimbag ng *Mumunting mga Liwanag ng Pag-asa*. Ang DLP ay nilikha sa layuning maibahagi sa malawakang antas ang mga araling pang-edukasyon na nakatutulong sa espirital at siyentipikong mga kakayahan ng mga indibidwal, ng mga pamayanan at ng kanilang mga institusyong panlipunan. Ang karamihan ng mga aklat na inilalathala ng DLP ay ginawa ng mga kapisanang kumikilos sa iba't-ibang mga kontinente ng daigdig, na ang bawa't isa ay abala sa mga programang pang-edukasyon para sa magkakaibang mga bahagi ng populasyon. Ang kanilang mga aralin ang kumakatawan sa karanasan natamo ng mga kapisanang ito sa pagbabangon ng mga indibidwal na may kakayahang gumawa para sa ikabubuti ng kanilang mga pamilya at ng lipunan.

Ang kasalukuyang aklat ay bahagi ng isang serye na nakalaan para sa moral at espirital na pagbibigay-lakas sa mga junior youth. Ang serye, na nasa maagang yugto pa lamang ng paghahanda, ay bubuun ng mga aklat sa tatlong antas ng pag-aaral para sa sumusunod ng mga grupo ng magkaka-edad: 11—12 taong gulang, 12—13 taong gulang, at 13—14 taong gulang. Ang bawa't antas ay magkakaroon ng mga aklat sa mga larangan ng wika, matematika at agham, at gayundin sa yaong mga nakatutok sa mga hamon ng pamumuhay sa kasalukuyang lipunan. Inaasahan na, sa kabuuan nito, ang serye ay makapagbibigay sa mga kabataan ng mga elemento ng isang balangkas sa pag-iisip na makagagabay sa kanilang mga pagpipili at mga kilos habang sila ay tumutungo sa hustong gulang.

Ang *Mumunting mga Liwanag ng Pag-asa* ay isa sa unang mga aklat sa serye, na ginawa para sa mga 11—12 taong gulang. Ito ay nagmula sa karanasan ng isang grupo na tumutulong sa mga kabataan sa Africa, na marami sa kanila ay nahaharap sa mahihirap na mga pagpipilian sa mga lipunang laganap ang kaguluhan. Sa loob ng labindalawang aralin, isinasaysay nito ang kuwento ni Kibomi, na nagsimula ng paglalakbay upang hanapin ang kanyang kapatid na babae matapos barilin ang kanyang mga magulang sa kanilang maliit na baryo. Ang bawa't aralin ay may kasamang isang pangkat ng mga tanong at mga gawain, at sabik kaming makatanggap ng ulat ng mga karanasan ng mga gumagamit nitong edisyon bagong ilimbag sa kanilang mga programa ng edukasyon—mga ulat na bubuo sa bahagi ng proseso ng pagkilos, pagninilay at pagsasanggunian na siyang katangian ng pagbubuo ng lahat ng mga araling inilalathala ng DLP.

Development Learning Press  
Enero 2006

---

## ARALIN 1

---

Si Kibomi ay isang batang lalaki na katulad ng maraming iba. Gustong-gusto niya ang mag-aral, maglaro at mangisda kasama ang kanyang mga kaibigan. Siya ay tunay na matalino. Nais niyang malaman ang tungkol sa daigdig. Napakarami niyang mga tanong tungkol sa mga nakikita niya at naririnig niya sa palibot niya. Siya ay labing-dalawang taong gulang pa lamang, nguni't pinapangarap na niya ang panahon kung kalian siya ay makakatulong sa pagpapabuti ng daigdig.

Ang bansa na kung saan si Kibomi ay namumuhay ay napakaganda. Ito ay mayroon mga bundok at mga ilog at matabang lupa na halos anuman ay tutubo. Karamihan sa mga tao sa bansang ito ay nabibilang sa isa sa dalawang tribu. Ang Kungu ay nag-aalaga ng mga baka. Ang Adumba ay nagbubungkal ng lupa. Kapwa silang kilala dahil sa kanilang kasipagan at magiliw na pagtanggap. Si Kibomi at ang kanyang pamilya ay Adumba. Sila ay nakatira sa isang maliit at tahimik na nayon.

Nakakalungkot na ang magandang bansa na ito ay hindi masayang pook. Ang mga suliranin ay lubhang lumalala sa maraming taon. Ang mga kalagayan ay hindi magkatulad para sa lahat ng tao. Ang mga Kungu ay mas makapangyarihan at nasa kanila ang karamihan ng mahahalagang mga tungkulin. Ang mga Adumba ay mas mahihirap at walang gaanong mga oportunidad, at sila ay galit dahil dito. Ang dalawang tribu ngayon ay nagdidigmaan. Magulo at may karahasan sa kabeserang lunsod at ito ay nagiging laganap. Nais ng mga tao na iligtas ang kanilang mga sarili nguni't hindi nila alam kung ano ang gagawain.

### **Mga Tanong:**

---

- Ano ang gustong-gustong gawain ni Kibomi?
- Ano ang pinapangarap ni Kibomi?
- Ano ang dalawang pangunahing mga tribu sa bansa ni Kibomi?
- Sa aling tribu nabibilang si Kibomi?
- Ano ang kasalukuyang kalagayan ng bansa ?

### **Mga Gawain:**

---

1. Ang bansa ni Kibomi ay nasa digmaan, at ang mga tao ay nangangailangan ng kaligtasan. Sa buong buhay natin, tayo ay humaharap sa mga panganib. Sa ating mga dalangin, bumabaling tayo sa Diyos at humihingi ng Kanyang pangangalaga. Basahin ang dalangin ito at pag-isipan ito:

*O Panginoon! Paningningin ang kabataang ito, at ipagkaloob sa ang Iyong biyaya sa kahabag-habag na nilikhang ito. Ipagkaloob sa kanya ang karunungan, bigyan siya ng karagdagan lakas sa simula ng bawat araw at tanuran siya sa lilim ng Iyong pangangalaga...*

Ngayon ay sikaping isaulo ang dasal.

2. Mula saan tayo nangangailangan ng pangangalaga?
  - a. Kailangan natin ng pangangalaga mula sa sakit. Ang kalusugan ay isang kaloob na dapat natin ituring yaman. Paano natin mapangangalagaan ang ating mga sarili mula sa sakit?
    - Ang kumain nang hindi hinuhugasan ang mga kamay
    - Ang kumain ng masustansyang pagkain
    - Ang pag-iwas sa poot at selos
    - Ang pag-inom ng maduming tubig
    - Ang matutunan ang mga sanhi ng sakit
  - b. Kailangan natin ng pangangalaga mula sa naidudulot ng alak. Ang alak ay sumisira sa kaisipan at nagpapahina sa katawan. Paano natin mapangangalagaan ang ating mga sarili mula sa gawi ng pag-inom ng alak?
    - Ang pag-iwas sa mga lugar kung saan ang mga tao ay umiinom ng alak
    - Ang hindi pagsubok uminom ng alak kahit minsan
    - Ang paalalahanan ang sarili sa naidudulot na suliranin ng alak
    - Ang magpalipas ng oras sa mga kaibigan na umiinom ng alak
    - Ang hindi paniwalaan ang palathala na bumili at sumubok ng alak
  - c. Kailang natin ng pangangalaga mula sa kamangmangan. Ang kamangmangan ay humahadlang sa ating pagsulong. Paano natin mapangangalagaan ang ating sarili sa pagiging mangmang?
    - Ang pikit-matang pagsunod sa ginagawa ng iba
    - Ang subukan maunawaan ang dahilan sa mga bagay
    - Ang matuto ng bagong bagay kung kailan man maari
    - Ang pagliban sa paaralan
    - Ang pagtatanong kung mayroon hindi nauunawaan

---

## ARALIN 2

---

Ang init ng araw ay sumisikat kay Kibomi habang lumalakad siya sa daan. Siya ay pabalik mula sa ilog kung saan siya at ang kanyang mga kaibigan ay nanghuli ng isda. Tumingin siya sa dalawang malaking isda sa kanyang lubid at ngumiti. “Si nanay ay magluluto ng masarap na hapunan ngayong gabi” inisip ni Kibomi.

Habang papalapit si Kibomi sa kanilang bahay, may narinig siyang ingay. Mayroong mga sigawan. May masamang nangyayari. Tumayo siya sa likod ng mga puno at sumilip mula sa mga sanga upang alamin kung ano ang nangyayari. Mayroong ilang di-kilalang mga lalakeng nakasuot ng uniporme na sumisigaw sa kanyang ama. Isa sa kanila ay humampas sa kanyang ama, at ang iba naman ay sumali na rin sa pananakit. Ang ina ni Kibomi ay tumakbo palabas ng bahay upang tulungan ang kanyang asawa. Bigla na lamang narinig ang tunog ng baril. Si Kibomi ay nakatitig habang ang kanyang ama at ina ay bumagsak sa lupa. “Hindi!” ang sigaw ni Kibomi. Ang mga lalaki ay tumingin sa kanyang direksiyon.

Gusto ni Kibomi na puntahan ang kanyang mga magulang, nguni’t dalawang sundalo ang lumakad patungo sa mga puno na kung saan siya ay nagtatago. Tumakbo siya pabalik sa kagubatan at umakyat sa mataas na puno. Ang mga sundalo ay naghanap sandali, nguni’t hindi siya nakita. Sumigaw sila ng masasamang salita at umalis.

Mabilis ang pagtibok ng puso ni Kibomi. Nakarinig siya ng maraming putok ng baril sa kalayuan. Umakyat siya sa mas mataas na bahagi ng puno at nakita ang mga tao ay nagsisitakbuhan at sinusunog ng mga sundalo ang mga bahay. Ang maitim na usok ay bumalot sa hangin at nawala sa kanyang paningin ang kanilang nayon. Kumapit siya nang mahigpit sa puno at inisip ang kanyang mga magulang na nakahandusay sa lupa. “Ina! Ama!” marahan nyang binanggit. Ang mga luha ay umapaw sa kanyang mga mata.

### **Mga Tanong:**

---

- Saan galing si Kibomi?
- Ano ang narinig niya habang papalapit sa kanilang bahay?
- Ano ang kanyang nakita mula sa pagsilip sa mga sanga?
- Ano ang nangyari sa mga magulang ni Kibomi?
- Saan nagtago si Kibomi mula sa mga sundalo?
- Ano ang nangyayari sa nayon?

### **Mga Gawain:**

---

1. Kakila-kilabot ang nangyari sa buhay ni Kibomi, at kailangan niya ang lakas. Ang pinagmumulan ng lahat ng lakas ay ang Diyos, at sa ating mga dalangin ay hinihiling natin na tayo ay Kanyang palakasin. Basahin itong dasal at pagnilayan ito:

*O Panginoon! Ako ay mahina, palakasin ako ng Iyong lakas at kakayahan. Ang aking dila ay nauumid, pahintulatang mausal ko ang paggunita at pagpuri sa Iyo. Ako ay aba, parangalan ako sa pamamagitan ng pagpasok sa Iyong Kaharian.*

Ngayon ay sikaping isaulo ang dasal.

2. Kailangan natin ng pisikal na lakas upang magampanan ang ating araw-araw na gawain. Alin sa mga sumusunod ang nangangailangan ng pisikal na lakas?
  - Pagpapasan ng bungkos ng kahoy na panggatong
  - Pagsabi ng katotohanan
  - Paglalakad ng limang oras
  - Pag-aaral para sa pagsusulit sa agham
  - Pagtupad sa pangako
  
3. Kailangan din natin ng espiritwal na lakas upang makamtan ang ating mga layunin at mapagtagumpayan ang mga balakid na hinaharap natin. Sa sumusunod na mga kalagayan sa ibaba, magpasya kung aling mga tugon ang nagpapakita ng espiritwal na lakas.
  - a. Tinutukso ka ng iyong kaibigan at pinakikitunguhan ka nang malupit
    - Magagalit ka at sisigawan ang iyong kaibigan
    - Magsisimula kang kainisan ang iyong kaibigan
    - Gaganti ka sa pagtukso sa iyong kaibigan
    - Nag-eehersisyo ka upang magmukhang malakas ang iyong katawan
    - Magpapakita ka ng kabaitan sa iyong kaibigan.
  - b. Ang iyong ina ay may sakit at kailangang manatili sa higaan. Ikaw ay inaasahang mag-aalaga sa iyong nakababatang mga kapatid.
    - Aaliwin mo ang iyong nakababatang kapatid na babae na nababahala sa inyong may sakit na ina.
    - Dumadaing ka sa dami ng tungkulin na dapat mong gawain.
    - Nakikipag-usap ka nang mahinahon sa iyong mga kapatid kahit na ikaw ay pagod na.
    - Masaya mong ginagampanan ang mga gawain sa loob ng bahay.
    - Nag-eehersisyo ka araw-araw upang maging malakas.
  - c. Dalawang kabataan sa nayon ay halos magsusuntukan na. Ilan sa mga kabataan ay nakatayo at nang-uudyok.
    - Ikaw ay sasali sa mga nanonood at uudyukan mo silang magsuntukan na
    - Hindi mo sila papansinin at ikaw ay lalayo.
    - Ipakikita mo kanila na ikaw ay mahusay sa suntukan
    - Sisikapin mong awatin sila sa pag-aaway.
    - Nagpasya kang hindi kailan man sasali sa pakikipag-away.